# Pangangalap ng mga Estudyante na Senior High School ng NIC Nihongo Class



Magbubukas ng Nihongo Class ang Nagoya International Center (NIC) para sa mga Senior High School at sa mga kabataang nais magpatuloy ng kolehiyo na hindi pangunahing wika ang wikang Hapon. Ituturo ng mga boluntaryo ang kinakailangan na wikang hapon na ginagamit sa paaralan.

**Makakasali:** Mga banyagang mag-aaral ng Senior High School / kabataang nais magpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo

＊Batang ipinanganak hanggang sa araw ng ika-1 ng Abril 2009.

＊Ang mga mag-aaral sa Junior High School ay kabilang sa NIC Nihongo Class para sa mga Bata. (Subalit ang mga mag-aaral ng Junior High School Evening Class ay mapapabilang sa Senior High School Nihongo Class).

＊Uunahin ang mga naninirahang residente sa loob ng lungsod o ang mga nakapasok sa mga High School sa loob ng lungsod.

**Petsa at Oras:** Tuwing linggo mula Enero 12, 2024 (Linggo) hanggang Marso 23, 2025 (Linggo)
14:00 ～ 16:00 ＊Maliban sa Pebrero 9

**Lugar:** Nagoya International Center 5F Conference Room
(Nagoya City Nakamura-ku Nagono 1-47-1)

**Bayad:** 2000 yen (para sa 10 beses)

Maaaring makapag-apply dito

**Bilang ng Makakasali:** 25 katao

**Aplikasyon:**

① Mula Disyembre 10 (Martes) ng 10:00 hanggang 22 (Linggo) ng 17:00 ay isasagawa sa Nagoya International Center Website ang tanggapan ng mga aplikasyon.

② Mula Enero 5 (Linggo) ng 14:00 ay isasagawa sa 5th floor conference room ng NIC ang interview at pagbabayad sa pagsali.
＊Kapag lumagpas ang bilang ng mga aplikante ay pipili sa mga aplikanteng nagpa-interview ng maaaring sumali.

**Supported by: Nagoya City Board of Education**

本事業は、名古屋市の指定管理事業です。

---

Taong 2024/ (Buwan) / (Araw) Harapan

Pangalan:______________________________

Kung naiintindihan ang mga nakasulat dito at sa pagkakataong pumapayag ang magulang na pumasok ang aplikante sa NIC Nihongo Class para sa mga High School, mangyari lamang po na lumagda sa ibaba.

Lagda ng Magulang: ______________________________

※Pasulatan sa guro ng pinapasukang paaralan ang likurang bahagi.

# Para sa mga Magulang / Tagapangalaga ng bata

**Basahin po muna bago mag-apply:**

1. Ang layunin ng kursong ito ay turuan ang mga bata ng wikang Hapon na kinakailangan sa pamumuhay at mga aralin sa paaralan, at upang magkaroon ng kinakailangang kakayahan sa wikang hapon at makapagtapos ng High School.
2. Bilang lamang ang maaaring sumali sa klase. Kung lumagpas sa bilang ng kapasidad ang mga aplikante, sa pamamagitan ng palabunutan, pipiliin ang mga makakasali.

**NIC Nihonggo Class para sa mga mga kabataan na nasa high school　Mga bagay na dapat tandaan**

☆Hindi responsibilidad ng Nagoya International Center kung anumang aksidente ang mangyayari habang nasa daan.

☆Kapag may bagyo o anumang kalamidad,maaaring makansela ang mga klase. Kayo ay makakatanggap ng email mula sa Nagoya International Center.

Para sa katanungan,makipag-ugnayan sa
Nagoya International Center (NIC)
(Sarado tuwing Lunes)

TEL: 052-581-5689 / FAX: 052-581-5629
e-mail: vol@nic-nagoya.or.jp




Likod

**Pakiusap sa Guro ng Paaralan:**

Bilang isang organisasyon na namamahala ng mga gawaing pang-international sa Lungsod ng Nagoya, ang Nagoya International Center ay magkakaroon ng nihonggo class para sa mga High School na ang pangunahing wika ay hindi wikang Hapon. Layunin ng klaseng ito na suportahan ang kanilang pag-aaral sa wikang Hapon at maipagpatuloy at mapaunlad ang kakayahan ng mga bata sa kanilang pag-aaral, sa pang araw-araw na gawain,at para magkaroon ng posibleng pananaw para sa hinaharap. Sa proseso ng aplikasyon, aming susuriin ang kasalukuyang kakayahan sa wikang Hapon ng bawat bata. Upang malaman ito, aming tatanungin ang kanilang sariling guro para sa kanilang mga opinyon at payo. Siguraduhin na nabigyan ng pahintulot ng mga magulang bago ipasulat sa guro ang kanilang opinyon tungkol sa kakayahan ng bata sa wikang Hapon.

※Hindi layunin na gamitin ang nilalaman ng nakasulat dito maliban sa klase.

**先生方へ（お願い）**

この教室は、名古屋国際センターが名古屋市の指定管理事業として実施する事業で、日本語を母語としない子どもたちが学校での生活を心配なく継続し、将来の展望を描くことができるよう、日本語の学習を支援します。学習者を受け入れるにあたり、一人ひとりの日本語能力や課題を知るために、先生方のご意見・ご助言をお願いします。学習者のできること、課題について、先生のご所見を保護者の承諾を得たうえで、ご記入頂ければ幸いです。

※ご記入頂いた内容は事業以外の目的には使用しません。

| 学校（日本語教室など）名 | 先生のお名前 |
| --- | --- |
| | |